
4

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 7: Elemento ng Kuwento




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Baitang 4**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 7: Elemento ng Maikling Kuwento**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon paman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Ma. Theresa I. Cortez

**Editor:** Laila C. Namoro, Girlie Marie L. Peñales

**Tagasuri:** Rechie O. Salcedo

**Tagaguhit:** Mark Anthony Taduran

**Tagalapat:** Rey Antoni S. Malate

**Tagapamahala:** Regional Director: Gilbert T. Sadsad
CLMD Chief: Francisco B. Bulalacao, Jr.
Regional EPS In Charge of LRMS: Grace U. Rabelas
Regional ADM Coordinator: Ma. Leilani R. Lorico
Regional EPS-Filipino: Nora J. Laguda
CID Chief: Jerson V. Toralde
Division EPS In Charge of LRMS: Belen B. Pili

**Inilimbag sa Pilipinas ng ______________________**

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500
Mobile Phone: 0917 178 1288
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

4

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 7:
## Elemento ng Kuwento

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino 4 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Elemento ng Maikling Kuwento.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Filipino 4 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Elemento ng Maikling Kuwento.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |

| | |
|---|---|
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# *Alamin*



Isang magandang bati sa iyo!

Mahilig ka bang makinig at magbasa ng mga kuwento?

Ano-ano na ang mga kuwentong nabasa mo?

Alam mo ba ang iba't ibang bahagi ng kuwento?

Sa modyul na ito matutuhan mo ang mga elemento ng kuwento upang lalo mo pang maintindihan at kagiliwan ang pagbabasa ng iba't ibang uri ng kuwento.

Sa araling ito, inaasahang makakamit mo ang sumusunod na kasanayan:

1. Natutukoy ang mga elemento ng kuwento: Tagpuan, Tauhan at Banghay

2. Nasasagot ang mga tanong sa nabasang kuwento.

**Handa ka na ba?**

Tara! Simulan mo nang pag-aralan ang modyul na ito

## *Subukin*

**Panuto:** Basahin ang maikling kuwento at sagutin ang tanong sa ilalim nito. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

### Ang Magkaibigan

(Cheche Cortez)

Matalik na magkaibigan sina (1) Tonton at Danilo. Turing nila sa isa't isa ay parang tunay na magkapatid.

Isang araw, (2) dali daling nagtungo si Danilo sa bahay ng kanyang kaibigan upang ibalita na may peryahan sa plaza at nais niyang sumakay ng '*Ferris Wheel*'. "Tonton! Tonton! Halika na dalian mo!" sigaw ni Danilo. "O, Danilo, bakit tila napakataas ng enerhiya mo?" saad ni (3) Aling Bengbeng na ina ni Tonton. "Magandang umaga Aling Bengbeng! Nabalitaan ko po kasi na mayroong bagong palaruan sa may plaza balak ko sana na maglaro kami roon ni Tonton. "Huwag kayong magpapagabi mga bata. Sige mag-ingat kayo," paalala ni Aling Bengbeng sa dalawa.

Pagdating nila sa (4) plaza ay agad-agad na nagtungo ang dalawa sa Ferris Wheel at sumakay rito. Maraming nagkikislapang kulay ang nakikita nila mula sa ibaba. Pagkatapos sa ferris wheel, (5) masayang nagikot-ikot ang dalawa sa buong plaza. Pinuntahan ang iba't ibang tindahan ng kakanin at palaruan. Pagdating ng ikalima ng hapon, naisipan na ng dalawang umuwi kani-kanilang bahay upang hindi mag-alala ang kanilang mga magulang.

**A.** Tukuyin kung anong elemento kabilang ang nakasalungguhit na salita sa teksto. Isulat sa sagutang papel kung **tauhan, tagpuan, o banghay.**

1.______________ 2. _______________ 3. _______________

4.______________ 5._______________

**B. Sagutin ang sumusunod na tanong tungkol sa kuwento. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.**

6.Sino ang dalawang magkaibigan sa kuwento?

A. Tonton at Danilo C. Tonton at Mario

B. Mario at Danilo D. Tonton lang

7.Ano ang nais sakyan ni Danilo pagdating sa plaza?

A. Horror train C. Mary go Around

B. Ferris wheel D. slide

8.Ano ang ginawa ng dalawa pagkatapos sumakay ng ferris wheel?

A. kumain C.umuwi na

B. nagikot-ikot at naglaro D. nanood

9.Nakauwi ba nang maaga ang dalawang magkaibigan?

A. Oo B. Hindi C. Baka D.nawala

10.Kung ikaw si Tonton at Danilo, susundin mo rin ba ang paalala ng iyong magulang?

A. Hindi po. Maglalaro ako hanggang gusto ko

B. Opo. Para hindi mag-aalala ang aking magulang

C. Depende sa magigig desisyon ko.

D. bahala na

Binabati kita. Natapos mo ang unang pagsubok.
Alamin natin sa **pahina 16** ang wastong sagot sa mga tanong.
Saang antas ka nabibilang?

9-10 tamang sagot – NAPAKAHUSAY
6-8 tamang Sagot – MAGALING
3-5 tamang sagot – PAGBUBUTIHAN PA
0-2 tamang sagot – KAYA MO YAN



# Aralin Elemento Ng Kuwento

Matutukoy mo ang elemento ng kuwento- tauhan, tagpuan at banghay sa mga kuwentong babasahin sa araling ito.



## *Balikan*


Magbalik-aral ka.

Naalala mo pa ba kung ano ang pangngalan?

Tama. Ang Pangngalan ay tumutukoy sa ngalan ng tao, bagay, hayop, pook at pangyayari.

**Panuto:** Tukuyin ang mga pangngalang ginamit sa loob ng talata. Tukuyin kung ito'y **tao, bagay, pook, hayop o pangyayari.** Isulat ang sagot sa inyong papel.

> Napakasaya ng aming karanasan sa bukid. Isinama ako ni Itay. Kami ay nagtanim ng talong, kamatis at kalabasa. Naligo rin ako sa batis bago kami umuwi. Sa aming pag-uwi, nadaanan namin ang pinsan kong si Lino. Naglaro kami sandali at uminom ng buko. Binigyan niya rin ako ng aalagaang pusa. Ang saya ng buhay-probinsiya.



***Ano-ano ang mga pangngalang nabanggit sa talata?***

Basahin mo nga itong muli.

*Ngayong alam mo na ang pagtukoy ng pangngalan, hindi na magiging mahirap sa iyo na* ***kilalanin ang elemento ng kuwento.***

***Mga Tala para sa Guro***

1. Bigyang gabay ang mag-aaral kung paano sasagutin ang mga pagsasanay.
2. Tiyakin na tatapusin ng mag-aaral ang bawat gawain.

## *Tuklasin*

Pagtambalin ang mga salitang nasa Hanay A sa kahulugan nito sa Hanay B. Maaari kang gumamit ng diksyunaryo. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong papel.

| **Hanay A** | **Hanay B** |
|---|---|
| 1.aparador | A. hiyas na isinusuot sa leeg |
| 2.pulseras | B. malaking sisidlan ng damit |
| 3.manikurista | C. palamuting bilog na hiyas na isinusuot sa may pulso sa kamay |
| 4.kuwintas | D. isang kayamanan/bagay na ipinasa |
| 5.pamana | E. taong naglilinis ng kuko sa kamay |

***Basahin mo.***

### Pamana

**ni: Cheche Cortez**



Naghahalungkat si Noreen sa lumang aparador ng kanyang lola nang bigla niyang nakita ang isang pulang bestida na may disenyong bulaklakin. Sinukat niya ito at humarap sa salamin. Saktong-sakto ang sukat nito sa kanya, kaya't nagpasiya siyang lumabas upang ipakita ito sa iba.

***Ipagpatuloy mo pa ang pagbasa...***



Nagtungo siya sa kanilang kapit-bahay na si Aling Toring at tinanong ito "Magandang umaga Aling Toring, kamusta po ang aking kasuotan. "Naku! ineng napakaganda mo pero mas gaganda ka pa kung lalagyan natin ng malaking pulseras ang iyong kamay".



Nagpunta naman si Noreen sa tindahan ni Mang Isko, "Kumusta po kayo Mang Isko, ano pong masasabi mo sa itsura ko?" tanong ni Noreen sabay ikot.

"Napakaganda mo, Ineng! At mas lalo ka pang gaganda kung lalagyan natin ng malaking laso ang iyong buhok," sabi ni Mang Isko.



Nagtungo naman si Noreen sa bahay ng kanyang tiya, "Tita Kyla, tingnan mo po ang aking suot, bagay po ba?" tanong ni Noreen. "Oo naman, mas lalo ka pang gaganda kapag sinuot mo itong berdeng sapatos," sagot ng kanyang Tita.

Habang papauwi na si Noreen sa kanilang bahay napadaan siya sa parlor ni Aling Susan, isang manikurista. "Noreen, ikaw pala," saad nito. "Naku! mas lalo kang gaganda kung may pakpak sa likod mo at magmumukha kang anghel,"sabi ni Aling Susan.



***Ipagpatuloy mo pa ang pagbasa...***

“Ina, bakit tila may kulang pa rin po sa aking kasuotan?” tanong ni Noreen. Napangiti ang ina at isa isang inalis ang mga palamuting nakasabit sa anak. “Noreen, anak, hindi mo kailangan ng maraming bagay sa iyong katawan upang maging maganda, mas mahalaga ang pagiging simple. Alam mo ba na ang damit na ‘yan ang pinakapaboritong suotin ng iyong lola? Halika, may ibibigay ako sa iyo,” ang sabi ni Aling Marta papasok sa kanyang kuwarto.



“Aba! Napakaganda naman niyan Ina,” sabi ni Noreen habang isinusuot ng ina ang kuwintas na may palawit na hugis-puso sa kaniya. Ingatan mo ang kuwintas na ito, pagka’t pamana pa ito sa akin ng iyong lola,” nakangiting sabi ng kanyang ina.

Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang sagot sa papel.

1.*Saan nakuha ni Noreen ang pulang bestida?*

2.*Sino-sino ang naglagay ng palamuti sa katawan ni Noreen?*

3.*Naging masaya ba si Noreen sa kanyang itsura? Bakit?*

4.*Ano ang ipinayo ng ina kay Noreen?*

5.*Ano ang natanggap na pamana ni Noreen sa kanyang ina? Nagustuhan niya ba ito?*

Ngayon palalawakin natin ang iyong kaalaman tungkol sa elemento ng kuwento.

Tara simulan na nating ang talakayan!



Magaling! Ngayong nasagutan mo ang mga tanong, tukuyin mo kung tama o maali ang sagot mo sa susi sa pagwawasto sa **pahina 16.**

## *Suriin*

**Mula sa kuwentong iyong binasa, sagutin at pag-usapan natin ang sumusunod.**

Tungkol saan ang kuwento?

*Tungkol sa pamanang kuwintas at bestida.*
*Tungkol sa pulang bestida ng Lola ni Noreen.*

Sino-sino ang naglagay ng palamuti sa katawan ni Noreen?

*Aling Toring na nagbigay ng pulseras*
*Mang Isko naglagay ng laso sa kaniyang buhok*
*Tita Kyla na nagbigay ng berdeng sapatos*
*Aling Susan na nagbigay ng pakpak*
*Aling Martha nagbigay ng kuwintas*

Tama! Sila ang mga nakausap at nagbigay ng palamuti kay Noreen. Sila ang tinatawag na mga **tauhan.**


*Saan niya natanggap ang mga palamuting ibinigay sa kaniya?*

-sa bahay na si Aling Toring-*pulseras*
*-sa tindahan ni Mang Isko-laso*
*-bahay ng kaniyang Tita Kyla- berdeng sapatos*
*-sa parlor ni Aling Susan-pakpak*
*-sa kanilang bahay*

Tama! Ito ang mga lugar na pinuntahan ni Noreen at kung saan niya natanggap ang mga palamuti. Tinatatawag itong **tagpuan.**

Ang mga pagbigay at pagtanggap ni Noreen sa mga palamuti sa kaniyang katawan ang mga pangyayari na tinatawag na **banghay.**

Kumusta? Kilala mo na ba ang **elemento ng kuwento?**



Ano ang **maikling kuwento?**

Ito ay isang uri ng pagsasalaysay ng mga pangyayari sa buhay ng pangunahing tauhan.

**Elemento ng Kuwento**

**A.** TAUHAN **–** ay mahalagang elemento ng maikling kuwento sapagkat tumutukoy ito sa mga gumaganap sa kuwento.

- **Pangunahing Tauhan** – nagsisilbing pinakabida sa kuwento at sa kanya umiikot ang kuwento.

1. Sino ang pangunahing tauhan sa kuwentong binasa "Pamana"? ________________
2. Sino- sino pa ang ibang tauhan sa kuwento? ______________

**B. TAGPUAN –** tumutukoy sa lugar, atmospera, at panahon kung saan naganap ang kuwento.

1. Saan pumunta si Noreen sa kuwentong binasa?


_____________________, __________________ , ________________,

_____________________, _________________

**C. BANGHAY –** tumutukoy ito sa maayos at malinaw na pagkakasunod-sunod ng mga magkakaugnay na pangyayari.

**Gawin mo ito para sa Banghay.**

**Panuto:** Pasunod-sunod ang mga pangyayari sa kuwentong binasa. Isulat ang bilang 1-3 sa bituin.



Napadaan si Noreen sa tindahan ni Mang Isko at nilagyan siya ng malaking laso sa kanyang buhok.

☆ Nakita ni Noreen ang kaibigan ng kanyang nanay na manikurista at ipinasuot sa kanya ang dala-dalang pakpak nito.

☆ Naghalungkat si Noreen sa aparador ng kanyang lola at nakita niya ang pulang bestida agad niya itong isinuot at humarap sa salamin.

Ano'ng mahahalagang impormasyon ang iyong nalaman? Makatutulong kaya ang mga ito sa iyong pag-aaral? Markahan sa ibaba ang antas ng iyong pagkaunawa:

Lubos na naunawaan ◯ Naunawaan ◯ Naguluhan ◯



## *Pagyamanin*

Unti-unti mo nang nakikilala ang tatlong element ng kuwento, kaya't ipagpapatuloy mo pa ang mga pagsasanay.

Sige, simulan na natin.

**Panuto:** Basahin muli nang tahimik ang maikling kuwento at sagutin ang mga pagsasanay sa ibaba.

**A. Panuto:** Isulat ang tamang sagot sa inyong sagutang papel**.**

_________1. Sino ang nagsuot ng pulang bestida sa kuwento?
_________2. Saan niya kinuha ang damit?
_________3. Ano ang ibinigay sa kaniya ng kanyang nanay?

**B. Panuto:** Isulat ang nawawalang salita sa talata para mabuo ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento. Piliin sa loob ng kahon ang mga salita. Isulat sa inyong papel ang sagot.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| pendant | pulseras | Mang Isko | sapatos | laso | Tiya |

Sinabi ni Aling Toring na mas babagay kay Noreen ang suot kung siya ay maglalagay ng (1)_______sa kamay. Sinabi naman ni (2)_______ na mas bagay sa kanya ang damit kung

maglalagay siya ng laso sa buhok. Si (3)_________ naman ay nagsabing ternuhan niya ng berdeng (4)_______ ang damit. Sa bandang huli, ang ina ay naghandog sa kanya ng (5)________ na hugis puso.

Ang galing-galing mo! Natapos mo ang Pagsasanay.
Saang pagsasanay ka nahirapan?
___ Pagsasanay A
___ Pagsasanay B
Gayunpaman binabati kita sa iyong tagumpay.





## *Isaisip*

Anong natutuhan mo sa araling ito? Ibigay ang iyong sagot sa pamamagitan ng pagsasaayos ng mga titik upang mabuo ang salita.

| | |
|---|---|
| **UATANH** | 1. Ito ay tumutukoy sa gumaganap sa kuwento |
| **HAYBANG** | 2. Tumutukoy ito sa maayos at malinaw na pagkakasunod-sunod ng mga magkakaugnay na pangyayari. |
| **LINGMAIK WENKUTO** | 3. Isang uri ng pagsasalaysay ng mga pangyayari sa buhay ng pangunahing tauhan. |
| **ANPUTAG** | 4. Ito ay tumutukoy sa lugar, atmospera, at panahon kung saan naganap ang kuwento. |
| **HINGNANGUPANG HANTAU** | 5. Ito ay nagsisilbing pinakabida sa kuwneto. |

## *Isagawa*

Upang lubos mong maintindihan ang elemento ng kuwento gawin ang pagsasanay na ito.

**Panuto:**

1. Gumuhit ng tatlong kahon sa inyong papel. Isulat sa loob ng isang kahon ang mga tauhan sa kuwentong **Pamana.**

2. Sa isa pang kahon, isulat naman ang mga lugar na pinangyarihan ng kuwento.

3. Sa ikatlong kahon, isulat ang mga pangyayaring naganap sa kuwento ayon sa pagkakasunod-sunod nito.

    a. "Naku, mas lalo kang gaganda kung may pakpak sa likod mo at magmumukha kang anghel!", sabi ni Aling susan.
    b. "Ingatan mo ang kuwintas na ito sapagka't pamana pa ito sa akin ng iyong lola", nakangiting sabi ng ina.
    c. "Mas maganda ka pa kung lalagyan natin ng pulseras ang iyong kamay", sabi ni Aling Toring.

Magaling! Matapos mong sagutin ang pagsubok, tingnan kung tama ang iyong kasagutan sa **pahina 16** ng susi sa pagwawasto.



## *Pagtataya*

Hanggang saan na ang iyong kaalaman at kahusayan sa pagtukoy ng elemento ng kuwento- tauhan, tagpuan at banghay.

**Basahin ang sumusunod na kuwento.**

## Ang Masayang Paglalakbay

(Cheche Cortez)

Tuwang-tuwa sina Roy, Rico at Rey sa kanilang 'field trip' sa Legaspi City. Ang una nilang pinuntahan ay ang Hoyop-hoyopan Cave sa Camalig. Namangha sila sa ganda ng kuweba. Napagod sila sa pag-akyat sa bulubundukin ng Kawa-Kawa sa Ligao ngunit sulit naman sa napakagandang tanawin doon. Lalo silang nasiyahan nang makita nila ang iba't ibang hayop sa 'Wild Life'. Pagkatapos nilang mananghalian, sila ay nagtungo sa PAGASA Center upang malaman kung papaano namumuo ang isang bagyo. Nakita rin nila ang perpektong hugis ng Bulkang Mayon sa may Cagsawa Ruins. Sulit ang pagod ng mga mag-aaral habang papauwi na sila sa kani-kanilang bahay.

**Panuto:** Isulat sa inyong papel ang tamang sagot.

A. **Ang mga tauhan sa kuwento ay sina**
(1)________________________,
(2)________________________ at
(3) ________________________.

**B. Ang mga lugar na kanilang pinuntahan ayon sa kuwento ay**
(1)________________________
(2) ________________________
(3)________________________
(4)________________________, at
(5)________________________.

**C. Pasunud-sunurin ang mga pangyayari ayon sa tekstong nabasa. Lagyan ng bilang 1-5 sa patlang.**

_____ a. Lalo silang nasiyahan nang makita nila ang iba't ibang hayop sa 'Wild Life'.

_____ b. Natutula rin sila sa hugis perpekto ng Bulkang Mayon ng sila ay pumunta sa Cagsawa, Daraga.

_____ c. Sulit ang kanilang pagod habang papauwi na sa kanilang bahay

_____d. Napagod ang tatlong bata sa pag-akyat nila sa bulubunduking Kawa-Kawa sa Ligao.

_____e. Namangha sila sa ganda ng Hoyop-hoyopan Cave

Bilib na talaga ako sa iyo. Nasagutan mo lahat na pagsasanay. Iwasto mo ang iyong mga kasagutan sa **pahina 16.**

Anong naramdaman mo matapos malaman ang resulta ng iyong pagsisikap?

☹ ☺ 😐



## *Karagdagang Gawain*

Para mas lalo ka pang mahasa at hindi makalimutan ang tungkol sa araling **Elemento ng Kuwento**, magsanay ka pa sa pagtukoy sa **tauhan, tapuan at banghay** sa kuwentong iyong binasa.


Mula sa kuwentong **Masayang Paglalakbay, gawin ang sumusunod:**

A. Kulayan ang araw na tumutukoy sa mga tauhan sa kuwentong binasa.

Ruel Rey

Roy Rico Roy

B. Iguhit sa loob ng kahon pinakagusto mong tagpo.



**Malugod na pagbati**!
Napagtagumpayan mo ang mga gawain sa modyul na ito.
Maaari ka nang magpatuloy sa susunod na modyul.

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

A.
1. Tauhan
2. Banghay
3. Tauhan
4. Tagpuan
5. Banghay

B.
1. a
2. b
3. b
4. a
5. b

**Balikan**

1. Bukid, itay, talong,
kamatis, kalabasa
batis, Lino, buko
puso, buhay probinsiya

**Tuklasin**

Talasalitaan:
1.B, 2. C., 3. E., 4. A., 5. D.
Sagot sa Tanong:
1.Aparadot
2.Aling Toring, Mang Isko,
Tiya Kyla, Aling Susan
3. Hindi-Dahil tila may
kulang pa sa kanyang
kasuotan
4. Mas maganda ang pagiging
simple.
5. Kuwintas. Opo nagustuhan
ni Noreen ang ibingay sa
sa kanya.

**Suriin**

A.1. Noreen
2. Aling Toring
Mang Isko
Tita Kyla
Aling Susan
Aling Marta
B. 1. Sa kapitbahay
2.Sa Tindahan
3.Bahay ni Tita Kyla
4. Parlor
5.Sa kuwarto ni Aling
Marta
C. a -2
b -3
c - 1

**Pagyamanin**

A.1. Noreen
2. Aparador
3. Kuwintas/pendant
B.1.pulseras
2.Mang Isko
3. Tiya Kyla
4.sapatos
5.pendanr

**Isaisip**

1. Tauhan
2. Banghay
3. Maikling Kuwento
4. Tagpuan
5. Pangunahing Tauhan

**Isagawa**

A. Noreen
Aling Toring
Mang Isko
Tita Kyla
Aling Susa
Aling Marta

C.
A-2
B-3
C-1

B. 1. Sa kapitbahay
2.Sa Tindahan
3.Bahay ni Tita Kyla
4. Parlor
5.Sa kuwarto ni Aling
Marta

**Pagtataya**

A.1. Roy, Rico, Rey
B.1. Hoyop-hoyopan Cave
2. Kawa-Kawa
3. Wild Life
4. PAGASA
5. Cagsawa

C.a.-3
b.-4
c.-5
d.-2
e.-1

**Karagdagang Gawain**

A. 1. Roy, Rico, Rey
B. Depende sa pagwawasto ng
guro

## *Sanggunian*


1. Almario, Virgilo – UP Diksiyonaryong Filipino 2nd ed., ANVIL Publishing Inc., 2010

2. Kontekstuwalisadong Banghay – Aralin sa Filipino, Baitang 4 Unang Kwarter, Week 1 Day 4 pahina 18-22

3. Dimas, Ellenette. "Maikling Kuwento" Google, 2020 https://brainly.ph/question/310907

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph